

PROLOGUE

Kaitlin Dawn Ortega holds the distinction of being the one woman I've ever been with, who I would willingly go back to if given the chance.

Sino naman kasi ang makakalimot sa babaeng tinalo pa sa romance factor ng fairy tales, romantic comedies at Koreanovelas ang umpisa, pagka-develop at eventually ay pagtatapos ng love story ninyo? We met on where we had our first jobs. She was the tall, lanky, awkward, nerdy but strikingly pretty copywriter. I was the new head of the marketing team. She was quiet and reserved. I was loud and boisterous. She thought I was obnoxious. I thought she was adorable.

Pero madali rin naming nalampasan ang hindi magandang impression namin sa isa't isa at eventually ay naging malapit na magkaibigan. Na hindi nagtagal ay nauwi rin sa alam naming inaasahan ng lahat. We became a couple. For a year and a half. Hanggang sa magbalik sa bansa si Lenard, ang first love daw niya na sa pagkakataong iyon ay pinansin na siya at nagtapat pa.

Ano ang laban ko sa lalaking sa edad na labinlima ay pinangarap na niya? At least, she was honest enough

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

to tell me. It was a sad, tearful, painful goodbye. I was not ready to let go but I had to. Naging magkaibigan pa rin kami pagkatapos niyon. Two years ago, she even bought a studio unit in the family-owned residential complex and we became close again. But not close enough.

Nag-umpisa lang kaming maging mas malapit muli sa isa't isa nang kumalat ang balita tungkol sa involvement ng first love-turned-boyfriend niya sa isang sikat na celebrity. Lenard was now one of the youngest new members of the Philippine Congress. Sikat, guwapo, matalino at sinasabi na in ten years time ay puwede nang tumakbo sa pagkapresidente.

Hindi ko lang alam kung sino ang magiging first lady.

Dawn had been stressed out lately. She said she was seeing signs, but didn't have solid proof to back it up. Then suddenly, Lenard proposed.

She said yes.

I was devastated. Masama na kung masama, pero umaasa talaga ako na sana ay totoo ang balita tungkol sa pambababae ni Lenard. Pero mukha namang masaya si Dawn, so okay na rin.

Kaya lang, parang seesaw ang pag-asa ko na

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

tataas at bababa, dahil nitong nakalipas na buwan lang na nagbalik si Dawn galing sa pagpunta sa kasal ng isang high-profile couple sa Boracay, at sinabing nakipag-break na siya kay Lenard dahil napatunayan niyang totoong niloloko lang siya nito.

It should be a cause for celebration, right? Dapat nagpa-party na ang buong Brighton. May chance pa ako. Yes!

Actually, no.

Because it was obvious that Dawn was falling for someone else.

And that lucky man wasn't me.

Tara, inuman tayo.

1

Dear God, am I dead yet? Napunta po ba ako sa lupain ni Lucifer dahil sa ginawa ko kagabi?

Iyon kaagad ang pumasok sa utak ni Dawn nang sa kanyang pagmulat ay maramdaman na parang binabarena ang sentido niya. Pakiramdam din niya ay umiikot ang kanyang tingin. Nanunuyo ang kanyang lalamunan at parang namamanhid ang mga labi niya.

Huminga siya nang malalim at pinakiramdaman pa kung ano ang nangyayari sa kanya. Her body felt like it had run for miles, swum a hundred lapses, then biked the whole stretch of EDSA. Parang pagal na pagal siya.

Iniikot niya ang tingin sa paligid. Naroon siya sa isang magarang silid. Malambot ang kinahihigaan niyang kama. Kita mula sa siwang ng mga kurtinang tumatakip sa bintana na umaga na. Anong oras na kaya?

Sinubukan niyang iangat ang sarili—upang mapasinghap dahil may kung anong nakadagan sa kanya, at talagang nakahawak pa sa kanang dibdib niya!

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

Oh, my God! She lifted her head, and saw that a big male hand was practically cupping her breast. Tiningnan niya kung sino ang nagmamamay-ari niyon at kamuntik nang mapasigaw nang matanto na ilang pulgada na lang ang layo ng mukha ng lalaki sa kanya.

And he was...

Posible ba talagang maging ganoon pa rin kaguwapo ang isang lalaki kahit natutulog at medyo nakanganga pa? The man beside her had short, unruly hair, day-old stubbles framing the lower part of a finely-chiseled face.

Thick slanty brows, impossibly long lashes, fine straight nose, reddish full lips... check lahat. Idagdag pa roon ang balat nito na sakto lang ang pagka-tan. He was almost golden.

Isama pa ang halatang malapad nitong balikat at dibdib kahit nakatagilid ng higa at nakaharap sa kanya. Magaganda rin ang hugis ng braso nitong mukhang batak sa trabaho at sports. Maybe rugby or tennis.

This man might look dead to the world, pero wagas makabuhay ng kaliit-liitang himaymay ng jaded na niyang kalamnan. Speaking of kalamnan,

ano ang ginagawa ng kamay nito sa kanya?

Kumakabog ang dibdib na marahang inalis ni Dawn ang kamay ng lalaking hindi man lang nagprotesta. Napaungol ito at akala niya ay magigising na ngunit dumerecho lang ng higa, dahilan upang bumaba ang kumot hanggang sa baywang nito.

What am I doing with this man? Lalong tumitindi ang kaba niya. Muli niyang pinakiramdaman ang sarili. Bukod sa tila gusto niyang ihampas ang ulo sa sakit at parang sumali sa *Iron Man Challenge* ang pakiramdam ng kalamnan niya, wala naman siyang naramdamang iba pa. Except for the man's hand that was previously on her breast, nothing else indicated that *something* had happened last night.

What happened last night?

Suot pa rin niya ang rose-colored low-cut knee-length dress na ipinang-attend niya sa kasal. Napayuko siya, at kamuntik na muling mapasigaw nang makita ang ilang namumulang marka sa exposed na bahagi ng dibdib niya. Noon niya napansin na may ilan ding ganoong marka sa braso niya.

Ano ang pinaggagawa niya nang nakaraang gabi?

May nangyari ba sa kanila ng lalaking ito? Bakit

wala siyang ibang maramdaman?

Maybe she could find out by..

Maingat na dumerecho na siya ng upo at dahan-dahang itinaas ang kumot na tumatakip sa ibabang bahagi ng katawan ng katabi. Paano kung hubad ito? Paano kung—

“What are you doing?”

Yikes! Nabitawan niya ang kumot at bumagsak ang kamay niya malapit sa bahaging balak sana niyang tingnan. *Oh, my God!*

But man, that was the sexiest voice she had ever heard!

“I’m sorry... oh, no...” Parang napapasong inalis niya ang kamay sa katawan nito.

Naramdaman niyang gumalaw ang kama, tanda na bumangon na rin nang tuluyan ang katabi niya. From the corner of her eyes she saw him get rid of the blanket. Gusto niya itong pigilan, ngunit hindi na siya makagalaw.

Aatakihin yata siya sa puso. Ngunit nakita niyang may suot na boxer shorts ang lalaki.

“It’s all right. If you’re trying to find out kung may

nangyari kagabi, sinisiguro ko sa iyong wala.” Tumabi ito sa kanya. “Almost, actually. You were insistent, and I couldn’t say no. I mean, look at you, you’re too damn beautiful...” Iniangat ng lalaki ang mukha niya at tiningnan siya nang tila may pakikiusap sa mga mata. This man was too gorgeous for words.

“I’m sorry I might have done things...” patuloy nito. Bumaba ang tingin nito sa dibdib ni Dawn, dahilan upang mag-init ang mga pisngi niya. Naglandas din ang isang kamay nito sa braso niya. “Kung gusto mong magsampa ng reklamo, promise hindi ako aalis dito. May police station malapit sa—”

“No.” Umiling siya. “I was drunk. Wala ako sa huwisyo at wala akong gaanong maalala. Anong reklamo ang isasampa ko sa ’yo? If you said I was insistent, then I probably was. Ang sabi ng mga kaibigan ko, makulit daw ako kapag nakakainom. Nakikipagsayaw sa poste, nakikipag-usap sa halaman, the works.” Bumuntong-hininga siya bago muling napayuko. Kumikirot na naman ang ulo niya. “Shit!”

“Hangover,” sabi nito bago marahang iminasa-masahe pa ang mga daliri sa sentido at paligid ng ulo niya. “May aspirin akong dala.”

Hinuli niya ang kamay nito at muling nag-angat ng tingin. “Thanks.” Noon niya mas natitigan ang

lalaki. “You kinda look familiar.”

Umako ang isang kilay nito. “Oh, yeah?”

“Yes, hindi ko lang maisip dahil ang sakit ng brain ko.”

Natawa ito. “Wait, let me call for breakfast.” Masuyong hinaplos nito ang gilid ng kanyang mukha bago tumayo na. “Maybe you should go shower first. Or fix yourself. Whatever. Hayun ang bag mo.” Itinuro nito ang console malapit sa banyo. Naroroon nga ang dala niyang backpack.

“Thank you. What’s your name?”

“You don’t remember? You were making fun of my name last night!”

“Hindi ko maalala. Sorry naman kung napaglaruan ko ang name mo.”

Napailing ito, nakangiti pa rin. “Earnest. My name is Earnest, Atty. Kaitlin Dawn Ortega.”

Shit! Ano na ang pinagsasabi ko sa lalaking ito kagabi? “Thank you, Earnest.” Iniabot niya ang kamay nito. “Nice to meet you.”

He looked amused but he shook her hand, anyway. “The pleasure is mine, Dawn.”

Sumasakit na ang mga paa ni Dawn at malamang ay nagpapalantos na sa suot niyang four-inch pumps habang panay ang lakad sa paligid ng hotel kung saan ginanap ang reception ng kasal ng mga kaibigan ng fiancé niya na si Lenard. They might have been together during the past few hours of her wedding and dinner dance party that followed, but they hadn't been talking to each other since last night.

Ang kasal na iyon na ginanap sa isla ng Boracay sa isa sa mga five-star beachfront hotels doon ang unang out-of-town trip nila ni Congressman Lenard Caballero simula nang maging sila officially almost three years ago. Noon pa man ay madalas na siyang yayain nito na magbakasyon sa ibang lugar, ngunit palagi niyang tinatangihan dahil kung hindi natatapat na may trabaho siyang dapat tapusin ay nananaig naman ang pag-aalala niyang muli ay ipipilit nitong maging mas intimate pa sila.

Their physical relationship had not even gone beyond kissing and holding hands at madalas nila iyong pag-awayan. Ayaw gawin ni Dawn ang isang bagay nang hindi pa siya handa and frankly, she did not even know when she would be ready.

Being engaged still didn't make her want to be in

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

that level of intimacy with him. Kahit tinanggap na niya ang marriage proposal ni Lenard ay hindi pa rin maalis sa kanya ang pagdududa tungkol sa katapatan nito sa kanya.

For months now, he had been linked to popular actress-endorser, Courtney Santillan. Marami ang nagsasabing madalas makitang magkasama at sweet ang mga ito, ngunit wala namang makapaglabas ng ebidensya. That did not mean she didn't have her own doubts because she was not always with Lenard even if she wanted to. Hindi rin niya hawak ang schedule nito at isa pa ay abala rin siya sa trabaho sa City Prosecutor's Office.

Nagkikita sila ni Lenard once or twice every week, at para sa kanya ay sapat na iyon upang ma-maintain ang relasyon nila at hindi rin magkasawaan. Ilang beses niyang tinanong ang binata tungkol doon at palagi na ay itinatangi nito iyon, hanggang sa mag-propose nga ito two weeks ago. And now this trip.

Biyernes ng hapon nang sila ay dumating sa Boracay, at sa lobby pa lang ng hotel ay nagtatalo na sila dahil iisang kuwarto lang pala ang naka-reserve para sa kanilang dalawa. Last night, he still insisted that they slept together, na siyempre ay tinanggihan ni Dawn. Balot ng comforter at bitbit ang dalang bag ay

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

natulog siya sa couch sa sala ng suite, dahilan upang magalit si Lenard at hindi siya kibuin buong araw.

Ang akala ni Dawn ay lilipas din ang galit nito gaya ng karaniwang nangyayari, ngunit pagkatapos ng dinner ay nawala na ito. Hindi naman niya ito nasundan kaagad ang nobyo dahil marami pang ibang bisitang kumausap sa kanya na hindi niya magawang iwan. Nang sa wakas ay makalabas siya sa venue ng reception kung saan in full swing na ang party, hindi na niya alam kung saan hahanapin ang binata.

Umakyat na lang siya sa silid nila. Laglag ang mga balikat na lumulan siya ng elevator at nagtungo na sa kanilang suite sa fifth floor. Nang mabuksan ang pinto ay nagtaka siya dahil makalat sa sala, at bukas pa ang ilang ilaw gayong maayos na iniwan nila iyon kanina.

A closer look at the mess made her heart beat fast. Scattered on the floor were items of clothing belonging to her fiancé and someone who wore a royal blue strapless dress, flesh-colored lacy bra and... silk panties. Nanginginig ang mga kamay niya habang isa-isang pinupulot ang mga iyon.

Bukas ang pinto ng kuwarto, at hindi na niya kailangang makita pa ang nagaganap doon dahil obvious naman sa mga ungol na naririnig niya kung ano ang maaaring masaksihan. With one deep breath,

she went to the open window and threw out all the clothes with mighty force. Isinunod ni Dawn ang mga laman ng gym bag ni Lenard na itinaktak din niya sa labas ng bintana.

The moans and cries continued as her tears began to fall. Hindi iilang beses na narinig niya na tinatawag ni Lenard ang pangalan ng kaniig. It was none other than that exhibitionist celebrity slut who called herself a fashion icon and role model.

Pero patatalo ba ang apat na taon niyang training sa patibayan ng dibdib at patatagan ng sikhura sa San Beda Law School? Ano pa ang silbi ng pagiging Red Lion niya kung hindi siya lalaban? Kaya kahit hila na sa luha ay nagawa niyang kunin sa dalang maliit na clutch bag ang kanyang cellphone.

Inilagay niya ang maliit na bag sa kanyang backpack at isinukbit iyon sa balikat. Pagkatapos ay hinubad niya ang sapatos na si Lenard mismo ang bumili para sa kanya at binitbit iyon.

Kipkip ang mga sapatos ay nagpunta siya sa pinto bago ini-on ang video capture ng cellphone. Kahit nagsisikip ang dibdib at halos hindi na maaninaw ang kinukunan ay alam niyang nagawa niyang mai-focus iyon.

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

Lenard and Courtney were in a rather grotesque position as they pumped and ground against each other, both fully naked and sweaty. They were like wild animals, but even their scandalous moans were no match for the fury that was now consuming Dawn. Hindi na niya maalala kung anu-anong mura ang lumabas sa bibig niya na dahilan upang mapatingin sa gawi niya ang magkaniig, at makuha sa camera ang mukha ng mga ito.

Hindi malaman nina Lenard at Courtney kung ano ang gagawin. Bago pa makapag-isip ang dalawa ay nai-save na niya ang video, nailagay ang cellphone sa dalang bag, at ubod-lakas na ibinato sa mga ito ang mga sapatos niya.

Parehong napamura ang dalawa sa sakit.

Now without those killer shoes, she marched out of the suite, not bothering to close the door behind her, and ran. Hindi niya alam kung saan siya pupunta. Naririnig niyang may tumatawag sa pangalan niya, ngunit hindi siya lumingon hanggang sa marating ang elevators. Isa roon ang papasara na subalit bumukas uli para sa kanya.

Ang akala ng dalaga ay naiiyak na niya ang lahat, pero nang sumara ang pinto ng elevator ay nag-uunahang muling nalaglag ang luha niya.

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

“Hey, what’s going on?” a deep male voice said, then held her arms.

Hindi na niya gaanong maaninaw ang mukha ng nagsalita dahil sa luha, but she knew he smelled good, felt so strong and solid, and had the most soothing voice she had ever heard.

“I need a drink. Please, take me to the nearest bar.”

Nagsimulang magkatunog ang kanyang iyak at naramdaman niya ang masuyong pagyakap nito sa kanya.

2

“Holy sh... sorry, sorry.” Kaagad na binawi ni Earnest ang lumabas sa bibig. Katatapos lang nilang kumain ni Dawn na ngayon ay maayos na ang hitsura at pakiramdam.

Hindi siya sigurado kung alam ng babae na maganda ito. Last night, over drinks, she had kept making fun of herself. She said she looked like a man, her nose was crooked, her mouth was too big, na lahat ay kinontra niya.

Kanina habang kumakain sila ay ikinuwento ng babae ang nangyari nang nakaraang gabi bago sila nagkita sa elevator.

“Okay lang. Sanay ako sa murahan, ano ka ba,” nangingiti nang sabi nito.

Parang lalong nagliwanag ang kuwerto dahil sa ngiti nito. Earnest felt his heart skip a beat.

Kapapakita lang nito sa kanya ng video na kinunan. Medyo magalaw iyon ngunit malinaw na nakikita ang ginagawa ng dalawang nasa gitna ng kama. The congressman and the popular actress seemed to really enjoy doing the deed under bright

lights. Malinaw pang nakikita ang mukha ng mga ito nang mapalingon sa camera.

Lagpas isang minuto rin ang itinagal ng video at kung magli-leak sa press o sa Internet ay tiyak na malaking iskandalo iyon.

Bilang vice president for programming ng isa sa papausbong na lifestyle channels sa bansa, na affiliated pa sa isang major TV network, he knew the video was bound to create major buzz.

And Dawn had just given him permission to copy the video. Bahala na raw siya kung ano ang gusto niyang gawin doon.

“So, it’s over now? Wala ka nang planong maging first lady ng second district ng probinsya ninyo?”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “It was over since last night.” Napabuntong-hininga ito. “Mabuti na lang. Damn it, ayoko ng ganito, Earnest. Ayokong masaktan at makaramdam pa ng ganito dahil sa isang walang kuwentang tao.”

Iniabot niya ang kamay ng babae at tinapik iyon. “Ganyan talaga. You’ll be fine soon, Dawn. Don’t force it.”

Ilang segundong pinagmasdan siya nito. “Weird

how we're like this considering what I was last night. Sana hindi kita na-harass," namulang sabi nito.

Napangisi si Earnest. "I am happy to be harassed kung ikaw ang mang-ha-harass, actually."

"Type mo ako?" taas-kilay na saad nito. "Tigilan mo iyan, Earnest. Wala kang mapapala sa akin." Tumayo na ito at kinuha ang backpack.

"Crush lang naman," hindi nawawala ang ngiting tugon niya. "Maganda na, astig pa."

"Nakakatakot, you mean."

"Congressman deserved it." Tumayo na rin siya at kinuha ang maliit na maleta. Paalis na sila dahil magtatanghali na at schedule na rin ng pag-check-out niya. Kailangan na niyang bumalik sa Manila. Kanina pang umaga dapat ang flight ni Dawn, ngunit pinili nitong manatili roon at mag-chance passenger na lang dahil ayaw makasabay si Lenard.

Magkahawak-kamay na bumaba sila sa ground floor. Iniwang muna niya ang kasama sa kabubukas lang na restaurant bar ng kaibigan niya. Inimbita siya ng huli na dumalo sa opening kaya naroon siya sa Boracay. Pagkatapos ma-settle ang bills ay binalikan niya ang babae na ngayon ay nakatago na ang hanggang balikat na buhok sa ilalim ng cap at

nakasuot ng dark glasses.

“Baka may alipores pa ang hayup na iyon sa paligid. Mahirap na,” paliwanag nito.

Nakita lang niyang nag-relax na nang tuluyan ang hitsura nito nang pareho na silang makasakay ng ferry pabalik sa Caticlan.

Nang makarating sa airport ay masuwerteng may bakante pang upuan sa flight ni Earnest, hiwalay nga lang sa puwesto niya. He offered to give her a ride home but she refused. May susundo na raw ritong kaibigan at kapitbahay sa tinutuluyang condo. They promised to keep in touch, even if Dawn looked at him sadly as if telling him not to push for anything.

Well, he wouldn't. Not for the moment, though.

But he would love to see her again.

Why can't I feel anything? O masyado na lang akong nasanay sa sakit?

Kanina pa pinapakiramdaman ni Dawn ang sarili habang palayo sa entrance ng restaurant kung saan katatapos lang silang i-treat sa dinner ng nag-birthday na konsehal. Patungo na siya sa kanyang sasakyan at kanina pa iniisip kung paano niya napigilan ang

pagkawala ng emosyon nang habang nagpapaalaman na sila ng mga kasama ay makita niyang palabas naman mula sa katabing establishment—isang spa—ang grupo ni Courtney Santillan, kasama si Lenard na halos nakayakap na sa babae.

She couldn't help thinking how her ex-fiancé never held her like that, and she wondered if he had ever really loved her. O dahil lang iyon sa mas magandang pakinggan ang tunog na isang public attorney ang magiging first lady ni Lenard kaysa isang celebrity na nasangkot sa kontrobersyang wardrobe malfunction?

Pagkalipas ng halos tatlong linggo, akala niya ay hindi na iyon ganoon kasakit. Pagkatapos niyang maipagtapat sa pamilya ang nangyari at malamang suportado siya ng mga ito sakaling isapubliko niya ang natuklasang panloloko ni Lenard, akala niya ay mababawasan na kahit papaano ang bigat ng kalooban niya.

She didn't love him anymore. Galit at pandididiri na ang pumalit doon. At ang pagkainis sa sarili na ngayon ay ni walang clue kung gaano katagal na itong nagtataksil sa kanya.

Nanahimik si Lenard pagkatapos ng ilang araw na pambubulabog sa tawag, text, online messages at

maging pag-aabang sa kanya sa *Brighton Place* kung saan siya nakatira.

The man didn't care what she felt, he was more concerned about his and Courtney's reputation, and the next elections. Sinabi na lang rito ni Dawn na ayaw niya ng ingay dahil pribadong indibidwal siya kaya kung mananahimik ito sa nangyari ay ganoon din siya.

Tahimik ang lahat sa loob ng nakalipas na linggo. Bukod sa ilang text messages at tawag mula kay Earnest na hindi niya gaanong in-entertain ay wala nang ibang gumulo pa sa kanya.

Earnest... Napabuntong-hininga siya.

Napapailing na binilisan na niya ang lakad patungo sa sasakyan. Kukunin pa lang sana niya ang susi sa loob ng kanyang bag nang maramdamang may humablot sa braso niya.

It was Courtney. Her beautiful face was contorted in anger.

“You ugly, frigid bitch! Akala mo hindi namin malalaman na ikaw ang anonymous sender kuno sa *Name the Culprit*, ha? Nagtaka ka pang ipinagpalit ka ni Lenard?” Tumaas ang isang kamay nito at akmang sasabunutan siya, o kakalmutin siguro sa mukha,

ngunit nasalag niya iyon.

“What the hell! Wala akong ipinapadala sa kahit kanino, at puwede ba, nananahimik na ako kaya kung anuman ang gulong mayroon kayo, huwag n’yo akong idamay!” Diniinan niya ang pagkakahawak sa kamay ng babae bago iyon inilayo sa mukha niya.

And, oh, she did apply some numbing pressure moves along the way, too.

Napatungyaw ito sa sakit na nabitawan na siya. Sunud-sunod na mura ang pinakawalan nito bago muli siyang sinugod. Sa pagkakataong iyon ay nahagip na nito ang buhok niya at nakalmot siya sa mukha.

Wala nang choice si Dawn kundi lumaban. She hated using her precious judo moves on anyone. Their law school sorority taught them really well and so in seconds, she managed to push Courtney to the hood of her car, twisting her arm in a certain way.

Galit na galit ito sa kanya at kahit nasaktan ang braso ay nagawa siyang sipain sa binti. That made her lose her balance and she fell on the pavement. Patayo na sana siya nang maramdamang may pumipigil sa kanya.

It was Lenard. “What the hell, Dawn? Akala ko ba

mananahimik na lang? What the f*ck are you doing?”

Nagpumiglas siya at ang lalaki naman ang pinagsusuntok sa dibdib. “Iyang babae mo ang pagsabihan mo!” Hindi na niya napigilan ang maluha. “You saw it, Lenard. Siya ang sumugod. Siya ang nag-iingay, and by the way, wala akong nalalaman sa mga pinagsasabi niya.” Itinulak niya ito bago tinalikuran at humihingal na babalik na sana sa kanyang sasakyan, ngunit muli siyang hinablot ni Courtney.

Malabo na ang sumunod na mga pangyayari. Hiram sa luha ang mga mata niya at namamanhid na rin ang pisngi niya dahil sa ginawa roon ng babae. Kung hindi pa siya binigyan ng police officer ng panyo para ipampunas sa tumulong dugo ay hindi pa niya malalaman na matindi rin pala ang ginawang pananakit ng celebrity.

The next thing she knew, she was being read her Miranda rights and was being accosted to the police station. Tulala si Dawn habang papunta roon. Mabuti na lang at kakilala niya ang pulis na dumampot sa kanya at hindi na siya kinulit pa hanggang sa makarating sa presinto.

Sina Courtney at Lenard ang nag-iingay nang husto nang makarating sila roon. Umiyak pa ang babae na parang ito ang api habang nagkukuwento sa mga

reporters na kaagad natunugan ang nangyari habang siya ay tahimik na nagpagiya sa loob ng opisina ng hepe upang doon na magbigay ng statement.

Kilala niya halos lahat ng pulis na naroroon at hindi makapaniwala ang mga ito na kaya niyang gawin ang ibinibintang ni Courtney. Kaya bukod sa required statement at ilang papeles na kailangang pirmahan ay hindi na siya inurirat pa ng mga ito.

Pinagbigyan siya sa pakiusap na manatili muna sa presinto hanggang makaalis sina Courtney at Lenard.

“Mabuti pa nga, Attorney. Baka sumugod na naman.” Iniabot ng hepe sa kanya ang first aid kit. “Parang malalim ang sugat mo. Linisin mo muna.” Tumayo ito at iminuwestra ang hallway patungo sa banyo. “Bagong linis iyan. Magpapakuha lang ako ng makakain, naghapunan ka na ba?”

Tiningnan niya ang nakatatandang lalaki. He was in his sixties and one of the city’s finest police officers. “Okay na po ako. Kayo na lang, Chief.” Itinaas niya ang hawak na first aid kit. “Salamat.”

Tinapik lang siya nito sa braso at tatalikod na rin sana si Dawn patungo sa rest room nang may malakas na kumatok sa bukas namang pinto.

“Tito Prim! Nandiyan pa ba iyong—”

“Earnest?” aniya, hindi makapaniwala nang makita kung sino ang maingay na pumasok sa opisina ng hepe.

3

“Dawn! Shit! What the hell happened?” Lumapit kaagad si Earnest sa kanya.

“Magkakilala kayo?” takang tanong ng hepe.

Nilingon ito ng binata. “Nakilala ko sa Boracay noong opening ng bar ni Adrian. Siya sana ang itatanong ko kung narito pa.”

“Eh, hayan nga siya. Dito muna siya at baka may nag-aabang sa labas. Magpa-file daw ng kaso iyong dalawa.” Nagpalipat-lipat ang tingin ng matanda sa kanila. “Tulungan mo muna, Earnest. Kanina pa dumudugo ang sugat niya. Baka magka-shock na siya.”

Ininspeksyon kaagad ng lalaki ang mukha niya. “Damn! Courtney did this? Aswang ba iyon?”

Sa kabila ng sitwasyon ay natawa si Dawn. “Malamang.” Inalis niya ang kamay nito. Nahihiya siya sa hepe na amused na nakamasid sa kanila. “At kaya ko na ito. Huwag mo na akong intindihin. Baka may ibang lakad ka pa.”

“Tapos na ang lakad ko, dito rin sa presinto.

Nadamay lang 'yong isang driver namin sa banggaan... But let's not talk about that. We should go do something about your wound. Come here.”

Wala na siyang nagawa nang igiya siya nito patungo sa banyo. Parang sanay na sanay ito habang maingat na hinuhugasan ang gilid ng mukha niya. He stood so close and he held her so tenderly it almost made her tear up again.

“Masakit?”

Umiling siya. “No.”

Ilang segundong pinagmasdan lang siya ng kausap bago siya inalalayan palabas ng banyo at patungo sa bakanteng holding room. Inilapag ni Earnest sa mesa ang first aid kit bago siya inalalayang makaupo. He sat in front of her and began drying her face with a hanky.

“Para ka lang may guhit dito.” He pointed to that skin on the side of her face, near the hairline. “Two inches. Hindi naman gan'on ka-obvious unless titingnan nang malapitan.”

“I think I should go home.” Kumapit siya sa mesa at aktong tatayo na, ngunit hinawakan ng binata ang braso niya.

“Ano ito?” Itinaas nito ang kaliwang braso niya. May mga marka roon na tila pasa.

Naalala niyang doon siya hawak ni Lenard kanina. “I dunno. Baka nang pinigilan ako ni Lenard.”

“Pinigilan? Did he hurt you? These look nasty,” kunot-noong sabi nito.

“I can’t really remember everything. Ang gulo, eh. Ang ingay.” Noon niya naalala ang sinabi ni Courtney tungkol sa kung anong ipinadala umano niya sa online gossip site na *Name The Culprit*. “Would you, by any chance, know about something that was posted today online? Picture daw na blurred pero halatang sila ni Lenard. Sa *Name The Culprit*?” derechong tanong niya.

Nag-iwas ito ng tingin. “I’m sorry. Yeah, that was me. I know kailangan ko ang go-signal mo para ilabas iyon. Pero may mga sinabi kasi si Lenard tungkol sa ’yo na hindi ko nagustuhan...”

“Sinabing ano?”

“The other day. Alam mo ’yong nasa isang fund-raising event ang ilang congressman para sa mga anak ng mga sundalong nade-deploy sa Northern Mindanao? I was there because my sister was representative of one of the sponsors. I was her

date...” Tila hindi pa ito sigurado kung sasabihin ba sa kanya o ano.

“What, Earnest?”

“There were cocktails after. Nag-uusap sila ng colleagues niya sa bar and I was there. At ikaw ang topic.”

“And?”

“His words, okay? He said you were a frigid, ugly bitch who refused to sleep with him and he suspects maybe you actually prefer women. Na hindi na raw siya magtataka kung magka-come out ka one of these days. That he was happy to be rid of you dahil minsan daw kapag nakikita niya ang pictures n’yo, mas mukha ka pang lalaki kaysa sa kanya. That Courtney was a hundred times better because, at least, he knew he was with a real woman and not someone who was probably in denial.”

Nakita niyang puno ng magkahalong galit at concern ang guwapong mukha nito.

“I’m sorry. I did not make that up. Narinig din ng kapatid ko. At ng bartender. I was so furious I immediately made a screen shot of that part in the video where they faced the camera, composed a short e-mail and sent it to *NTC* using a proxy e-mail.”

“Earnest...” Hindi alam ng dalaga kung ano pa ang sasabihin. Ni hindi niya alam kung ano ang eksaktong nararamdaman.

“I’m sorry, hindi na ako gaanong nag-isip. Ito tuloy ang nangyari.” Nakikiusap ang mga mata at boses nito. “I’m sorry, Dawn. I was—”

Umiling siya. “No. Hindi ako galit. I’m...” She bit her lip. She didn’t realize their faces were that close and their breaths mingled. His mouth was slightly open that it was impossible for her not to notice how inviting they looked.

She was definitely not a cold, frigid bitch. For she could feel delicious warmth forming in her stomach as she kept her gaze on Earnest, watched his hazel eyes grew darker by the second at the awareness, saw him swallow as if he was nervous...

She was nervous. But she had also never wanted something so intensely. Umakyat ang mga kamay niya sa dibdib ng kaharap bago inilapit ang mukha at hinagkan ito. His lips were soft and warm. He kissed her back in almost the exact moment their lips touched.

The kiss was soft, tentative at first but eventually got hotter and more thorough by the second. He

kissed her in a way that both soothed and stirred fire within her. And it was very familiar. Na parang hindi iyon ang una.

As the kiss deepened, she began having flashes. Of them kissing in the elevator, then inside his suite with her back pressed against the closed door, as his hands roamed all over her body...

She gasped at the vivid memory. *Oh, my God!*

This was more than just a kiss because she felt down and desperate. She wanted him, too.

Parang napapasong naitulak tuloy niya ang binata. “I’m sorry,” bulong niya habang kinakalma ang sarili. Ano ba ang pumasok sa utak niya at hinalikan niya ang lalaking ito sa loob ng holding room sa isang police station? Napatingala siya at iginalang tingin sa paligid.

“Walang CCTV camera dito,” sabi ni Earnest na inaayos na ang nalukot nitong damit.

“I’m sorry.” She bit her lip.

“It’s okay. I am happy to be harassed by you, remember?” Lumayo ang binata at inayos na ang first aid kit sa mesa.

Tumayo kaagad siya, ramdam ang pag-iinit ng

mga pisngi. “You should know I don’t just kiss random gorgeous men inside police stations—”

“And that is good to know.” Tila gigil na pinisil nito ang baba niya. “Come on, ihahatid na kita sa bahay mo.”

“I have my car..”

“Nonsense. Ipahatid na lang din natin. Sasamahan kita, okay? Hindi natin alam kung sino ang posibleng nag-aabang at maaaring sumunod sa ’yo.” Inakbayan siya ni Earnest habang palapit sila sa pinto. His warm solid body felt nice against hers.

“You don’t have to do this, Earnest.” Napakagat-labi siya. Bakit ba kasi niya ito hinalikan? How could she get rid of him now?

But man, that kiss was hot!

“I want to,” pinal na sabi nito habang matamang nakatingin sa kanya.

Hindi siya sanay na sinasabihan ng iba kung ano ang gagawin. She had always prided herself for being tough and independent, but this man seemed to have a way with her that was both authoritative and convincing. “All right,” buntong-hininga niya.

“And, Dawn?”

“Yes?”

“Please stop biting your lip, at least, not when I’m driving later, okay?”

Napakurap siya at saka nag-iwas ng tingin. Hindi alam ni Dawn kung bakit hindi niya mapigil ang ngiti. Parang gusto pa niyang matawa.

Napakagat-labi na lang siya.

“Dawn! Hey, ayos ka lang ba?”

Napakurap siya. Ipinipitik ni Connor ang mga daliri sa harap ng kanyang mukha. “I’m sorry, what was that again?”

Concerned na tiningnan siya nito. This man was an ex-boyfriend. The good ex she had to leave behind years before when Lenard came back into her life. Paano kaya kung hindi siya nakipaghiwalay rito? Would life be different now?

Napabuntong-hininga siya. Unfair at selfish na mag-isip pa siya ng ganoon gayong sigurado naman na wala na siyang nararamdaman ngayon para sa binata. Hindi siya manhid upang hindi makahalatang gusto pa rin siya nito, pero hanggang pagiging kaibigan lang ang kaya niyang ibigay.

“I was asking about this photo. Kung sinuman ang nagpadala nito sa *NTC* ay tiyak na malapit o may access sa schedule nina Lenard at Courtney, kung hindi man hotel employee na aksidenteng napasukan ang dalawa sa ganitong ayos.” Connor was talking about the controversial picture that was now making the rounds of social networking sites.

Trending na iyon ngayon at kahit blurred ang mukha ng mga nasa larawan ay marami naman ang tila sigurado nang ang ex-fiancé niya at si Courtney iyon base sa clues na ibinigay ng sender.

“Kaya lang, para sa isang simpleng hotel employee, the e-mail that accompanied this was very well-written.” Hinimas-himas pa nito ang baba habang palipat-lipat ang tingin sa screen ng *iPad* at sa kanya.

“Hindi nga ako ang nag-send niyan.” *It was Earnest Fenstad. You know, that gorgeous stranger with hazel eyes who rescued me that night.* Kung hindi siguro siya nakita ng lalaki, baka naisipan na niyang tumalon mula sa fifth floor ng hotel, nagpakalunod sa dagat o kaya ay nang-massacre dahil sa sama ng loob.

Wala pang napagkukuwentuhan si Dawn nang detalyado tungkol sa kung paano sila nag-break ni

Lenard. Not even her friends and family who only knew that her ex chose to be with Courtney with whom he had been seeing secretly at kailan lang niya nakumpirma.

Nobody knew about how she caught them having wild sex in their very own hotel room, or that she had spent that night with Earnest.

Especially that night with Earnest.

Nasapo niya ang noo. Beinte-cuatro oras na simula nang huli silang magkita ng lalaki pagkahatid nito sa kanya sa condo. Hindi na niya ito hinayaang makababa ng sasakyan, nagpahinto lang siya sa tapat ng entrance ng *Brighton 2*.

Again, he told her to stay in touch. Muli ay malungkot na ngiti lang ang naging sagot niya.

“Dawn, hindi ka mukhang okay. Ang mabuti pa, ihahatid na lang kita sa unit mo. Magpahinga ka na lang.” Tinapik siya ni Connor sa braso.

“Ano ba, okay lang ako. Iniisip ko lang ang tungkol sa picture na ’yan. At mag-a-alas diez pa lang on a Friday night. Bigo na nga ako, magmumukmok pang mag-isa sa unit ko? I want to be here.” Tumingin siya sa stage. Set break ng bandang tumutugtog kung saan miyembro ang dalawa sa mga kaibigan at

kapitbahay niyang taga-*Brighton Place* din.

“Fine,” sabi nito. “Pero kapag hindi na okay ang pakiramdam mo, sabihin mo lang, ha? Party night dito, bawal ang babaeng broken-hearted na umiiyak.”

She just made a face at him. Muli siyang tumingin sa stage, kabababa lang ng lead singer na si Sharleen. Kakawayan sana niya ang babae upang magbigay ng request niya, ngunit nauna itong kumaway at nagliwanag ang magandang mukha sa kung sinong nasa likuran niya.

“Earnest, my man!” excited na sabi nito.

Napakurap si Dawn. *Earnest?* Sinundan niya ng tingin ang babae na patakbong nilapitan at niyakap ang isang matangkad at pamilyar na guwapong lalaki. Si Earnest nga!

“Hey, sexy,” bati nito kay Sharleen.

Hindi alam ni Dawn kung bakit parang hindi niya gusto ang nasaksihan. The two obviously knew each other from way back and seemed to be quite close, too. Iwas na sana siya ng tingin ngunit tinawag siya ng lalaki.

“Dawn!” Ngumiti si Earnest. Mukhang natutuwa talaga itong makita siya.

“Magkakilala kayo?” curious na tanong ni Sharleen.

Sabay pa silang tumango. “Recently lang,” dagdag niya.

Tumaas ang isang kilay ng babae. “Classmates kami sa MBA dati. Okay ’tong si Earnest, Dawn. Sakit lang sa ulo kasi ang hirap maging kaibigan. Pagseselosan ka lagi ng mga psycho girlfriends at feeling girlfriends.”

Ginulo ng binata ang buhok ng katabi. “Sino naman ang hindi magseselos sa ’yo?” Bumungisngis ito bago tumingin sa kanya. “Crush ko ang isang ito dati, kaya lang mas type niya ’yong mga bad boy.”

Sharleen just glared at him. “Enough about that. Saan nga kayo nag-meet?” tanong uli nito, pero sa kanya na nakatingin. Mukhang pagkatapos ng gabing iyon ay mapipilitan siyang ikuwento sa kaibigan ang tungkol sa binata.

“Sa police station kagabi.”

“Sa Boracay.”

Sabay pa silang sumagot ni Earnest, dahilan upang maintriga lalo ang lead singer ng *Sui Generis*.

“Saan talaga?” tanong ni Connor.

Dahil sa pagsingit ng huli, kinailangan niyang ipakilala ang dalawang lalaki sa isa't isa.

Nagkamay ang mga ito. Earnest was friendly, Connor was suspicious. *Oh, well...*

Nakatingin si Earnest sa kanya na parang sa kanya ibinibigay ang pagkakataong magpaliwanag.

“Right. Sorry,” sabi niya. “Earnest was at this bar in the same hotel na tinuluyan namin sa Boracay three weeks ago. Doon kami unang nagkakilala. Then kagabi, sa police station dahil naroon din siya at may inasikaso, ’tapos tito pa niya si Chief Trias.”

Kapwa napatango lang sina Sharleen at Connor bago niyaya ng una si Earnest na maki-jam sa mga ito. “He sings well. And plays the guitar and piano,” imporma ng babae na nagpataas ng kilay niya. Wala sa hitsura ng binata ang pagiging musician. He looked more like a serious corporate hotshot with just a bit of dangerous streak.

“Saglit lang, magpapaalam ako sa mga kasama ko.” Tumango ito sa isang grupo na nasa likuran nila. “My team. Nagkayayaan dito dahil may pinuntahan kami kanina sa *UP*.” Nag-excuse ito sandali at kinausap ang mga kasama bago nagbalik. Noon ay nasa stage na uli si Sharleen.

“Dito ka, Pare. Samahan mo si Dawn. I need to head back to my kitchen,” sabi ni Connor na tumayo na.

Takang tiningnan lang niya ang lalaki. It was obvious he might have sensed something between Earnest and her. Nagtama ang mga tingin nila ng kaibigan. Malungkot ang mga mata nito nang tapikin siya sa balikat bago tumalikod.

Noon naman nagsalita si Sharleen at sinabing may makiki-jam sa mga ito. May kinuha itong bowl at itinaas iyon.

“Oh, man, she still has that stupid bowl?” napapailing na sabi ni Earnest.

“Parang pamilyar ka sa gigs niya. Madalas ka ba rito? Minsan lang ako, kasi kadalasan may date pag Friday...” Huminga siya nang malalim. “Dati.”

Mataman siyang pinagmasdan ng lalaki. “Yeah. Siguro once every month nagagawi ako rito for the past years. The last time she made me sing, *Call Me Maybe* ang nabunot ko.” Napangiwi ito.

Natawa siya. “Ano kaya ngayon?”

Bago pa nakasagot ang kausap niya ay tinawag na ito ni Sharleen. Napapailing na tumayo ito at

lumapit sa stage, saka inabot ang microphone at gitara. Bumunot ito sa bowl at kumunot ang noo.

“Oy, kunwari ka pa. Alam mo ’yan!” Tinapik ito ng babae sa likod bago bumaba na ng stage at sinamahan si Dawn.

“Ano ang kakantahin niya?” tanong kaagad niya.

Makahulugang tiningnan siya nito. “Something for you. *What Makes You Beautiful* by *One Direction*.”

Sinalubong lang ni Dawn ang tingin ng kaibigan. Nais niyang magprotesta at sabihing wala silang ugnayan ni Earnest, ngunit sa palagay niya ay may iba na itong nabasa sa mga mata niya.

“You will have to talk about it some time, Dawn.” Tinapik nito ang kamay niya bago tumingin na rin sa stage kung saan nagsisimula nang tumipa ng pamilyar na intro si Earnest.

And then he began to sing. He sounded good. Magaling din itong tumugtog ng gitara. It was a really cheesy song, but he managed to bring a certain edge to it.

Nakatingin din ito sa kanya habang kumakanta. She never had anyone seriously sing to her like that, ever. It was cheesy. Hindi siya ang tipong mahilig sa

Like Wishes Coming True - Sachi Bliss

ganoon and yet... she liked it. Really liked it.

Baby, you light up my life like nobody else...